## Maagang Pagtuklas ay ang Susi

Mahalaga sa inyo at sa inyong pamilya na magpa-eksamen sa Hepatitis B dahil ito and pinaka-mapanganib na banta sa kalusugan ng mga Asyano.

### » Magpa-Eksamen

Hingin sa inyong manggagamot ang mga sumusunod na eksamen sa dugo:

**Hepatitis B surface antigen (HBsAg)**: Para malaman kung mayroon kayong matalak na impeksiyon sa Hepatitis B.

**Hepatitis B surface antibody (anti-HBs):** Para malaman kung protektado kayo laban sa HBV.

HBsAG ang eksamin sa dugo ay para malalaman kung kayo ay matagal nang may impeksyon mula sa Hepatitis B.



### » Magpabakuna

Kung ang inyong HBsAg at anti-HBs na eksamen sa dugo ay negatibo, ibig sabihin na hindi kayo protektado at kailangan kayong magpabakuna laban sa Hepatitis B.Tiyakin na ang inyong sanggol ay mapabakunahan din pagka-silang.

Ang bakuna laban sa Hepatitis B ay tatlong (3) serye na binibigay sa loob ng anim (6) na buwan para ma-protektahan kayo habang buhay.

Ang bakuna ay napaka-epektibo laban sa HBV at kanser sa atay kaya natawagan ito na "ang unang bakuna laban sa kanser" ng World Health Organization.

## Magka-isa Laban sa HBV.

Ang Jade Ribbon ay tiniklop na parang Chinese karakter para sa lahat "人" na simbolo sa pagkakaisang tinig ng mamamayan laban sa Hepatitis B at kanser sa atay sa buong mundo.




Para sa karagdagan na impormasiyon, bisitahin ang http://liver.stanford.edu

Asian Liver Center
at Stanford University
300 Pasteur Drive, H3680
Stanford, CA 94305-5655
Tel: (650) 72-LIVER
1-888-311-3331
Fax: (650) 723-0006

Tagalog Edition
© 2007 Asian Liver Center

# ALAMIN ANG HBV



Ano ang dapat malaman ng mga taga-Asia tungkol sa Hepatitis B at Kanser sa atay



## Tigilan ang Katahimikan tungkol sa HBV

- Hepatitis B (HBV) ang pinakamalubhang pangkaraniwan na impeksiyon sa atay at maaaring maging dahilan ng maagang pagkamatay.
- Isa bawat sampung (1:10) Asyano ay nabubuhay na may sakit na Hepatitis B.
- Karamihan ay hindi alam na apektadato sila ng impeksiyon.
- Isa sa bawat apat (1:4) na tao na may impeksiyon na Hepatitis B ay mamamatay sa kanser o sa pinsala sa atay. Ngunit ito ay maiiwasan sa nararapat na eksamen, pag-subaybay, at pag-papagamot.

## Kahit na malusog ang pakiramdam, maaring apektado na kayo ng impeksyon

Hepatitis B ay mapanganib dahil wala itong simtomas kahit na ang eksamen sa dugo ay normal. Kung mayroon na kayong nararamdaman na simtomas, kagaya ng sakit sa tiyan, paninilaw ng mata, ihi at balat, kalimitan ay malala na ang sakit at huli na para magiging epektibo ang paggamot.

## Ang pagkasalin ay katulad ng HIV

### 1. Impeksiyon mula sa Ina sa kanyang Sanggol

Sa mga Asyano, HBV ay ang karaniwan na naisasalin mula sa ina na apektado ng impeksiyon sa kanilang sanggol na kapapanganak.

### 2. Impeksiyon mula sa direktang kontak sa dugo na nahawaan

HBV ay maaaring maisalin sa pamamagitan ng dugong impektado:

- mula sa bukas na sugat
- Pakiki-gamit ng kontaminadang labaha, pang-ahit at sipilyo
- Paulit-ulit na paggamit ng karayom sa pang-tattoo, sa iniksiyon, at tagos sa karawan
- Paulit-ulit na paggamit ng karayom sa mga pagamutan

### 3. Impeksiyon mula sa pagtatalik

HBV ay naisasalin mula sa kawalang proteksiyon sa pagtatalik sa apektadong kasama.

## HBV ay hindi naisasalin mula sa Pagkain at Tubig

Maraming mga sabi-sabi kung paano naisasalin ang hepatitis B.

HBV ay hindi naisasalin sa pamamagitan ng:

- pag-sasalo sa pagkain at inumin ng tubig
- pag-hiram ng mga kagamitan sa mga pag-kain at inumin
- Pakikipag-usap o pakikipag-sosyalan
- pag-ubo o pag-bahin
- pag-yakap at pag-halik
- pag-papasuso ng ina sa kaniyang sanggol

Walang dahilan na iwasan ninyo ang mga nabanggit kahit na may impeksyon sila ng HBV.

## Ano ang dapat mong gawin kung mayroon kang HBV?

### » Mag-pasuri

Kahit na malusog ang inyong pakiramdam, ang rutinaryong pagsusuri sa dugo ay importante. Kapag naeksamin ng maaga ang HBV, ito ay magagamot. Hilingin sa inyong duktor ang mga sumusunod na pag-susuri:

| Bawat | Ekasamen | Para saan |
|---|---|---|
| Anim (6) na buwan | ALT eksamen sa dugo | Pinsala sa atay |
| | AFP eksamen sa dugo | Kanser sa atay |
| Isan (1) taon* | ultrasonograpiya sa tiyan | Kanser sa atay |

*Kung kayo ay may malubhang sakit, sirosis, impeksiyon o kaya kanser sa atay, kailangan na mag-pasonograpiya sa tiyan kada anim (6) na buwan.

### » Hindi lahat ng positibo sa HBV ay nangangailangan ng gamot

Ngunit kung ang resulta ng inyong ALT mula sa eksamen sa dugo ay pataas ng pataas, ito ay nag-papahiwatig na may pinsala ang atay, at nararapat na ma-umpisahan ang pag-gamot. Kahit na walang lunas sa Hepatitis B, paglaan na paggamot ay maaare ng ma-iwasan ang pag-lala ng sakit sa atay. Tanungin ang inyong duktor tungkol sa mga gamot na napayagan na ng FDA.

Kung kayo ay kasalukuyan na ginagamot sa kanser (chemotherapy), kailangan din na gamutin kayo sa HBV para ma-protektahan sa malalang impeksiyon at pinsala ng atay.

### » Magpabakuna laban sa Hepatitis A
### » Iwasan and pag-inom ng alkohol
### » Protektahan ang mga mahal sa buhay

Siguraduhin na ang inyong pamilya at ang mga mahal sa buhay na magpasuri sa HBV at magpabakuna kung kailangan o kung hindi pa protektado laban sa HBV.

Kung kayo ay nagdadalantao, siguraduhin na ang inyong bagong silang ay mapabakunahan ng HBV at Hepatitis B Immunoglobulin (HBIG) sa pagkasilang. Siguraduhin na ma-kumpleto ang serye ng bakuna sa kalatakdaan. Ito ay 95% na epektibo na proteksiyon laban sa impeksiyon ng HBV.